
# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS—BUONG TERMINO


- Nagsisilbi bilang isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa pagkumpirma sa mga pederal na hukom, sa mga Mahistrado ng Korte Suprema ng U.S., at maraming mataas na antas ng pagtatalaga ng pangulo sa mga posisyong sibilyan at militar.
- Sisimulan ang 6 na taong termino ng panunungkulan sa Enero 3, 2025.



### Steve Garvey | REPUBLIKANO

Mula nang dumating ako sa California 50 taon na ang nakalipas, ito na ang aking tahanan. Naglaro ako para sa Los Angeles Dodgers at San Diego Padres ng 20 taon. Pagdating ko sa field, naglaro ako para sa lahat ng tagahanga. Ang lahat ay pantay-pantay. Ang pulitika, lahi, sekswal oryentasyon, kasarian, at pinanggalingan ay hindi naghati sa atin—pinagkaisa tayo ng mga ito. Ang California ay ang dating itinitibok ng puso ng Amerika, ngayon bulong na lamang ito. Ang mga karerang pulitiko ay inuuna ang espesyal na interes kaysa sa kagalingan mo at ng iyong pamilya. Sa halip na pabahay, mayroon tayong hindi makontrol na kawalan ng tirahan. Sa halip na isang sistema ng imigrasyon na nagbibigay gantimpala sa pagsusumikap, mayroon tayong kaguluhan sa Katimugang Border. Sa halip na mga ligtas na kapitbahayan, mayroong marahas na krimen. Sa halip na abot-kaya, ang mga taga-California ay nahihirapang bayaran ang upa, mga groseri, at gasolina. Hindi ito ang California na mahal natin. Nararapat ka sa mas mabuti, nararapat ang iyong pamilya sa mas mabuti. Nagbabalik ako sa labanan para ipaglaban ka at ang ating estado. Ako ang iyong magiging boses sa Washington, D.C., na pipiliin ang sentido-kumon kaysa sa lumang politika. Babawasan natin ang kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagtugon sa kalusugan ng isip at pagkalulong sa droga. Pananatilihin nating ligtas ang border at makikipagtulungan sa mga tagapagpatupad ng batas upang gawing ligtas ang ating mga kapitbahayan at panagutin ang mga kriminal. Babawasan natin ang inflation upang mapunta ang bawat dolyar sa pagsuporta sa iyong pamilya. Bibigyan natin ang ating mga anak ng pinakamahusay na edukasyon. Binigo tayo ng mga politiko. Hindi ko gagawin iyon. Kapag nagkaisa ang mga taga-California, kahit ano ay posible. Natupad ko ang aking pangarap, at nararapat na matupad ang sa iyo. Bilang iyong Senador, ipaglalaban ko ang kinabukasan mo at ng California.

74923 US Hwy. 111, Indian Wells, CA 92210 | E-mail: Team@SteveGarvey.com | www.SteveGarvey.com
Facebook: Facebook.com/SteveyGarvey6 | X: X.com/SteveyGarvey6 | Instagram: Instagram.com/SteveyGarvey6



### Adam B. Schiff | DEMOKRATIKO

Si Adam Schiff ay palaging humaharap sa pinakamahirap na laban upang magawa ang mga bagay. Tumatakbo siya para sa Senado ng U.S. upang maghatid ng mga resulta para sa mga taga-California: paggawa ng pabahay na mas abot-kaya, pagpapababa ng mga gastos, paglaban sa pagbabago ng klima, pagprotekta sa pag-access sa pagpapalaglag, at pagbuo ng isang ekonomiya na gumagana para sa lahat. Mula sa silid-hukuman hanggang sa Kongreso nanindigan si Adam sa ilang talagang hamak at makapangyarihan—mga kumpanya ng gamot, polusyon, at kartel ng droga—at nanalo. Nagpasa siya ng dose-dosenang batas upang babaan ang mga gastos sa inireresetang gamot, palawakin ang pampublikong sasakyan, lumikha ng mga trabaho, alisin ang mga tao sa kalye, magdala ng mga napapanahong aklat-aralin sa ating mga paaralan, bumuo ng sistema ng maagang babala sa lindol, at magtatag ng Batas ng mga Karapatan para sa mga Pasyente ng California. At noong ang ating demokrasya ay sinalakay ng isang mapanganib na pangulo, inimbestigahan siya ni Adam, ini-impeach at pinanagot siya sa pag-uudyok ng isang insureksyon. Makikipagtulungan si Adam sa mga Demokratiko, Republikano, at Independyente para muling gawing abot-kaya ang pagpapalaki ng pamilya sa California. Ang kanyang Affordability Agenda ay nananawagan para sa pangkalahatang pangangalagang pangkalusugan at pangangalaga sa bata, at pagtaas ng mga pamumuhunan sa Social Security. Haharapin niya ang malalaking developer at dayuhang mamumuhunan na nagpapalaki ng mga gastusin sa pabahay, at malalaking korporasyon na kumukuha ng mga mamimili habang kumikita ng bilyon-bilyon. Lumaki si Adam sa Bay Area, nagtatrabaho tuwing tag-araw sa bakuran ng tabla ng kanyang ama at bilang isang pana-panahong bumbero. Pagkatapos ng paaralan sa batas, nanirahan siya sa Timog California, at nakilala ang kanyang mahal sa buhay na si Eve—oo, sila ay sina Adam at Eve! Sila ay 29 na taon nang kasal at may dalawang napakagagandang anak. Bumisita sa *www.AdamSchiff.com* para matuto pa.


135 E. Olive Ave., Box 750, Burbank, CA 91502 | Tel: (818) 841-2828 | E-mail: contact@adamschiff.com
www.adamschiff.com | Facebook: www.facebook.com/AdamSchiffCA | X: www.twitter.com/adamschiffca
Instagram: www.instagram.com/adamschiffca/ | www.threads.net/@adamschiffca

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS—HINDI KUMPLETO/HINDI PA NATATAPOS NA TERMINO


- Nagsisilbi bilang isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa pagkumpirma sa mga pederal na hukom, sa mga Mahistrado ng Korte Suprema ng U.S., at maraming mataas na antas ng pagtatalaga ng pangulo sa mga posisyong sibilyan at militar.
- Maglilingkod sa natitirang termino ng kasalukuyang panunungkulan na magtatapos sa Enero 3, 2025.



### Steve Garvey | REPUBLIKANO

Mahigit 50 taon na ang nakakalipas nang dumating ako sa California sa unang pagkakataon. Sa sumunod na 20 taon, naglaro ako para sa Los Angeles Dodgers at sa San Diego Padres sa harap ng milyon-milyong tagahanga na nanonood sa telebisyon at pumapalakpak sa mga stand. Noong panahong iyon, ang California ang itinitibok ng puso ng Amerika, ngayon bulong na lamang ito. Ilang taon ng masasamang polisiya ang nagresulta sa pinakamataas na gastos pamumuhay sa bansa, kaguluhan sa Katimugang Border, dumaraming marahas na krimen, hindi makontrol na kawalan ng tirahan, at humihinang mga paaralan. Binigo ng mga pulitiko ang lahat ng mga taga-California. Kung ako ang iyong Senador, haharapin natin ang kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng pagseseryoso sa kalusugan ng isip, paggamot sa pagkagumon sa droga, at gastos sa pabahay. Pananatilihin nating ligtas ang border, lalabanan ang krimen, ipapatupad ang ating mga batas, at parurusahan ang mga kriminal. Muli tayong magkakaron ng pinakamahuhusay na paaralan sa bansa at bibigyan ang ating mga anak ng primera-klaseng edukasyon. Lilikha tayo ng magagandang trabaho, susuportahan ang mga may-ari ng maliit na negosyo, at ibababa ang gastos ng pamumuhay upang mas malayo ang marating ng bawat dolyar para sa iyong pamilya. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, lulutasin natin ang ating problema sa mga solusyong ginagamitan ng sentido-kumon, at hindi ang dating nakakapagod na pulitika. Oras na para sa matapang na politika at karapat-dapat tayo sa mga lider na kakatawan sa iyong interes, hindi para sa kanilang sarili. Pinayagan ako ng California na tuparin ang pangarap kong maglaro sa Major Leagues, at nararapat ka rin sa ganoong pamumuhay. Umaasa akong makuha ang iyong suporta, upang makapagtulungan tayo at maibalik ang kalidad ng buhay at mga oportunidad na nararapat sa ating lahat.

74923 US Hwy. 111, Indian Wells, CA 92210 | E-mail: Team@SteveGarvey.com | www.SteveGarvey.com
Facebook: Facebook.com/SteveyGarvey6 | X: X.com/SteveyGarvey6 | Instagram: Instagram.com/SteveyGarvey6



### Adam B. Schiff | DEMOKRATIKO

Si Adam Schiff ay palaging humaharap sa pinakamahirap na laban upang magawa ang mga bagay. Tumatakbo siya para sa Senado ng U.S. upang maghatid ng mga resulta para sa mga taga-California: paggawa ng pabahay na mas abot-kaya, pagpapababa ng mga gastos, paglaban sa pagbabago ng klima, pagprotekta sa pag-access sa pagpapalaglag, at pagbuo ng isang ekonomiya na gumagana para sa lahat. Mula sa silid-hukuman hanggang sa Kongreso nanindigan si Adam sa ilang talagang hamak at makapangyarihan—mga kumpanya ng gamot, polusyon, at kartel ng droga—at nanalo. Nagpasa siya ng dose-dosenang batas upang babaan ang mga gastos sa inireresetang gamot, palawakin ang pampublikong sasakyan, lumikha ng mga trabaho, alisin ang mga tao sa kalye, magdala ng mga napapanahong aklat-aralin sa ating mga paaralan, bumuo ng sistema ng maagang babala sa lindol, at magtatag ng Batas ng mga Karapatan para sa mga Pasyente ng California. At noong ang ating demokrasya ay sinalakay ng isang mapanganib na pangulo, inimbestigahan siya ni Adam, ini-impeach at pinanagot siya sa pag-uudyok ng isang insureksyon. Makikipagtulungan si Adam sa mga Demokratiko, Republikano, at Independyente para muling gawing abot-kaya ang pagpapalaki ng pamilya sa California. Ang kanyang Affordability Agenda ay nananawagan para sa pangkalahatang pangangalagang pangkalusugan at pangangalaga sa bata, at pagtaas ng mga pamumuhunan sa Social Security. Haharapin niya ang malalaking developer at dayuhang mamumuhunan na nagpapalaki ng mga gastusin sa pabahay, at malalaking korporasyon na kumukuha ng mga mamimili habang kumikita ng bilyon-bilyon. Lumaki si Adam sa Bay Area, nagtatrabaho tuwing tag-araw sa bakuran ng tabla ng kanyang ama at bilang isang pana-panahong bumbero. Pagkatapos ng paaralan sa batas, nanirahan siya sa Timog California, at nakilala ang kanyang mahal sa buhay na si Eve—oo, sila ay sina Adam at Eve! Sila ay 29 na taon nang kasal at may dalawang napakagagandang anak. Bumisita sa *www.AdamSchiff.com* para matuto pa.

135 E. Olive Ave., Box 750, Burbank, CA 91502 | Tel: (818) 841-2828 | E-mail: contact@adamschiff.com
www.adamschiff.com | Facebook: www.facebook.com/AdamSchiffCA | X: www.twitter.com/adamschiffca
Instagram: www.instagram.com/adamschiffca/ | www.threads.net/@adamschiffca

Ang mga pananaw at opinyon na ipinapahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi nasuri para sa kawastuhan ng anumang opisyal na ahensya. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag.